


Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad

Libro ng Impormasyon Taon ng Pananalapi 2018-2019 Ikalabimpitong Edisyon



**Inihanda ng Dibisyon sa Teknolohiyang Pang-impormasyon ng DDS
Agosto 2020**

**Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad
1215 O Street
Sacramento, CA 95814**

PAUNANG SALITA

Ang Libro ng Impormasyon (Fact Book) ay naglalahad ng mga kaugnay na datos tungkol sa mga indibidwal na pinaglilingkuran ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Department of Developmental Services, DDS) at may kasamang pangkalahatang-ideya tungkol sa mga serbisyo at kalakaran sa California. Responsable ang DDS sa pangangasiwa ng Lanterman Developmental Disabilities Services Act (Lanterman Act) at Early Intervention Services Act (Early Start Program). Ang Lanterman Act ay ginawa para sa pag-uugnay at pagbibigay ng mga serbisyo at suporta upang mapahintulutan ang mga taong may mga kapansanan sa pag-unlad upang magkaroon ng higit na malaya, produktibo, at may kaayusang pamumuhay.

Ang Early Start Program ay ginawa para sa paghahatid ng naaangkop na mga serbisyo sa mga sanggol at musmos na nasa panganib na magkaroon ng mga kapansanan sa pag-unlad. Isinasagawa ng DDS ang mga responsibilidad nito sa pamamagitan ng 21 non-profit na korporasyong nakabase sa komunidad na kilala rin bilang mga regional center, dalawang sentro para sa pag-unlad (developmental center) na pinatatakbo ng estado at isang pasilidad para sa komunidad na pinatatakbo ng estado. Sa paglalathalang ito, ang mga bilang at porsyento ng mga pasilidad para sa komunidad na pinatatakbo ng estado ay kasama sa mga sentro sa pag-unlad.

Ang mga sanggol at musmos mula kapanganakan hanggang sa edad na 36 na buwan ay maaaring karapat-dapat para sa mga serbisyo sa maagang pamamagitan (early intervention services) sa pamamagitan ng Early Start kung, sa pamamagitan ng dokumentadong pagsusuri at pagtatasa, natutugunan nila ang isa sa mga pamantayan na nakalista sa ibaba:

- may pagkaantala sa pag-unlad na hindi bababa sa 33% sa isa o higit pang mga aspeto ng pag-unlad na/sa kognitibo, komunikasyon, panlipunan o emosyonal, pag-angkop, o pisikal at motor development kasama ang paningin at pandinig; o
- may naitaguyod na kondisyon ng peligro na kilala ang pinagmulan, na may mataas na probabilidad ng pagreresulta sa naantalang pag-unlad; o
- maituturing na nasa mataas na panganib ng pagkakaroon ng malaking kapansanan sa pag-unlad dahil sa kombinasyon ng mga salik sa panganib na biomedical na na-diagnose ng mga kwalipikadong kawani

Upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo pagkatapos ng edad na 36 na buwan, ang isang tao ay dapat may kapansanan na nagsisimula bago ang kanyang ika-18 kaarawan, inaasahan na magpapatuloy nang walang tiyak na panahon, at nagpapakita ng malaking kapansanan tulad ng tinukoy sa Seksyon 4512 ng California Welfare and Institutions Code. Itinatag ang pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pag-diagnose at pagtatasa na isinasagawa ng mga regional center. Kabilang lang sa mga datos na nakalahad sa Libro ng Impormasyon na ito ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad na karapat-dapat para sa at humiling ng mga serbisyo ng mga regional center.

Ang kapansanan sa pag-unlad ay isang kondisyon na binubuo ng malaking kapansanan sa tatlo o higit pang aspeto ng pangunahing aktibidad sa buhay.¹ Kabilang sa mga kapansanan sa pag-unlad ang Kapansanang Intelektwal, Autismo, Epilepsya, Cerebral Palsy, at mga kondisyong nakakapagdulot ng kapansanan na malapit na nauugnay sa, o nangangailangan ng paggamot na katulad ng paggamot na kinakailangan ng isang taong may Kapansanang Intelektwal (tinutukoy na Fifth Category). Ang sistema ng paghahatid ng serbisyo, na nag-aalok ng mga isinapersonal na suporta, ay kinabibilangan ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad, kanilang mga pamilya, at/o legal na kinatawan, DDS, mga regional center, mga organisasyong pang-adbokasiya at pampropesyonal, ang State Council on Developmental Disabilities (SCDD), mga direktang tagapagkaloob ng serbisyo, at mga sentro para sa pag-unlad (developmental center).

Ang mga sumusunod na pahina ay nagbibigay ng katangian at demograpikong impormasyon ng konsumidor ng DDS na nakuha mula sa datos na nakatago sa mga automated system ng DDS; ang mga porsyento ay naka-round off at maaaring hindi laging maging 100 porsyento sa kabuuan kapag pinagsama-sama. Ito at ang ibang impormasyon tungkol sa konsumidor ng DDS ay makikita sa website ng DDS. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga katangian ng konsumidor ng DDS at caseload ay nasa webpage na Mga Katotohanan at Istatistika (Facts and Stats). Para sa demograpikong impormasyon tungkol sa konsumidor ng DDS nitong mga nakaraang taon, sumangguni sa mga naunang edisyon ng Libro ng Impormasyon (Fact Book).

Sining sa Pabalat: The Joy of Spring – artist Chris France

¹ Kabilang sa mga aspeto ng pangunahing aktibidad sa buhay ang pag-aalaga sa sarili, wika ng pagtanggap at pagpapahayag, pagkatuto, pagkilos, pagturo sa sarili, kakayahang mamuhay mag-isa, at kakayahang tustusan ang sarili. Ang malaking kapansanan ay sumasalamin sa pangangailangan ng tao para sa kombinasyon ng espesyal, interdisciplinary, o generic na mga pansuportang serbisyo.

TALAAN NG MGA NILALAMAN

Salita	2
Talaan ng mga Nilalaman	4
Listahan ng mga Talahanayan at Bilang	5
Likhang Sining	7
Seksyon 1: Sino ang Pinaglilingkuran ng DDS.....	8
Impormasyon tungkol sa mga Konsumidor ng DDS.....	9
Mga Kategoriya ng Populasyon ng Konsumidor	9
Mga Demograpiko ng Konsumidor	11
Uri ng Tirahan ng Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad	16
Kasarian at Edad ng Konsumidor sa Oras ng Proseso ng Intake at Pagtatasa.....	18
Mga Konsumidor na Nakatira sa Pinatatakbo ng Estado	20
Mga Kahulugan ng mga Kategoriya ng Kapansanan sa Pag-unlad	21
Mga Trend sa Kategoriya ng Kapansanan sa Pag-unlad ng mga Konsumidor *.....	22
Mga Kombinasyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad	28
Seksyon 2: Ano ang Natatanggap ng mga Konsumidor.....	34
Porsyento ng mga Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad na Nakakatanggap ng mga Serbisyo na Pinopondohan ng Regional Center	35
Paglago ng Pagbayad sa mga Serbisyo kumpara sa DDS Caseload - FY 2008-09 hanggang FY 2018-19.....	36
Mga Gastusin at Bilang ayon sa Kategoriya ng Serbisyo.....	37
Mga Gastusin sa Pagbabayad sa mga Serbisyo (Purchase of Services Expenditures).....	37
Bilang ng mga Konsumidor na Nakakatanggap ng POS	39
Bilang ng mga Vendor na Nagkakaloob ng mga Serbisyo	41
Populasyon at Halaga Per Capita ayon sa Kapansanan sa Pag-unlad at Grupo ng Edad.....	43
Mga Demograpikong Trend: Daloy ng Edad Nitong Nakaraang 20 Taon.....	46
Ang mga Demograpikong Trend: Daloy ng Average na Gastos Nitong Nakaraang 20 Taon.....	47
Mga Demograpikong Trend: Daloy ng Kabuuang Gastos Nitong Nakaraang 20 Taon	48
Seksyon 3: Mga Highlight ng mga Personal na Kinahinatnan ng mga Konsumidor	50

LISTAHAN NG MGA TALAHANAYAN AT BILANG

Figure 1: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Kategoriya ng Populasyon	10
Talahanayan 2: Uri ng Tirahan ng mga Konsumidor	12
Figure 2: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan	12
Talahanayan 3: Grupo ng Edad ng mga Konsumidor na Pinaglilingkuran ng DDS	13
Figure 3: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad	13
Talahanayan 4: Etnisidad ng mga Konsumidor	14
Figure 4: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Etnisidad	14
Talahanayan 5: Kasarian ng mga Konsumidor.....	15
Talahanayan 6: Pangunahing Wika (Ingles at Hindi Ingles) ng mga Konsumidor	15
Talahanayan 7: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - Mula kapanganakan hanggang 17 taong gulang	16
Talahanayan 8: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - 18 Taong Gulang Pataas	16
Figure 5: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - Enero 2019	17
Talahanayan 9: Kasarian ng mga Konsumidor na Kasama sa Proseso ng Intake at Pagtatasa.....	18
Talahanayan 10: Grupo ng Edad ng mga Konsumidor na Kasama sa Proseso ng Intake at Pagtatasa.....	19
Figure 6: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad at Oras ng Intake at Pagtatasa	19
Talahanayan 11: Bilang ng mga Konsumidor na Nakatira sa Bawat Pinatatakbo ng Estado na	20
Talahanayan 12: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal	23
Figure 7: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal (Intellectual Disability, ID)	23
Talahanayan 13: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo	24
Figure 8: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo.....	24
Talahanayan 14: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya	25
Figure 9: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya.....	25
Talahanayan 15: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy	26
Figure 10: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy	26
Talahanayan 16: Bilang ng mga Konsumidor na may 5 th Category	27
Figure 11: Bilang ng mga Konsumidor na may 5 th Category	27
Talahanayan 17: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad.....	29
Figure 12: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	29
Talahanayan 18: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad.....	30
Figure 13: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	30
Talahanayan 19: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	31
Figure 14: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	31
.....	31

Talahanayan 20: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	32
Figure 15: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad.....	32
Talahanayan 21: Bilang ng mga Konsumidor na may 5 th Category na Diagnosis at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad.....	33
Figure 16: Bilang ng mga Konsumidor na may 5 th Category na Diagnosis at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad	33
Talahanayan 22: Porsyento ng mga Konsumidor (Mga Konsumidor ng Early Start, Aktibo, at Programa sa Pag-iwas) na Nakakatanggap ng mga Serbisyo na Pinopondohan ng Regional Center, ayon sa Grupo ng Edad para sa FY 2008-09 hanggang FY 2018-19.....	35
Talahanayan 23: Bilang ng Caseload ng DDS at Halaga ng Gastusing POS (sa Milyon) para sa FY 2008-09 hanggang FY 2018-19	36
Talahanayan 24: Mga Gastusing POS* (sa Milyon) ayon sa Kategoriya ng Serbisyo.....	38
Talahanayan 25: Bilang ng mga Konsumidor na Nakakatanggap ng mga Serbisyo ayon sa Kategoriya ng Serbisyo para sa FY 2014-15 hanggang FY 2018-19	40
Talahanayan 26: Bilang ng mga Vendor na Nagkakaloob ng mga Serbisyo ayon sa Kategoriya ng Serbisyo para sa FY 2014-15 hanggang FY 2018-19	42
Figure 18: Bilang ng mga Konsumidor (Aktibong Konsumidor at Pinapatakbo ng Estado) ayon sa Kapansanan sa Pag-unlad at Grupo ng Edad	44
Figure 19: Average na Gastusin Per Capita (Aktibong Konsumidor at Pinapatakbo ng Estado) ayon sa Kapansanan sa Pag-unlad at Grupo ng Edad	45
Figure 20: Ang Bilang ng Konsumidor noong Hulyo 1 ng kada Ika-5 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon.....	46
Figure 21: Average na Gastos kada Konsumidor pagdating ng Hulyo 1 kada ika-10 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon	47
Tandaan: Aktibong (Status 2) mga Konsumidor lang	47
Figure 22: Kabuuang Gastos ayon sa Grupo ng Edad pagdating ng Hulyo 1 kada ika-10 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon	48
Tandaan: Aktibong (Status 2) mga Konsumidor lang	48
Talahanayan 27: Data ng Gastos kada Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad at Taon ng Pananalapi (Fiscal Year) para sa FY 1998-99, FY 2008-09, at FY 2018-19	49

LIKHANG SINING

Ang mga kalahok sa Work of Art sa Southside Unlimited ang gumawa ng likhang sining sa aming Libro ng Impormasyon (Fact Book). Ang Southside Unlimited, na dating kilala bilang Southside Art Center, ay isang 501(c)(3) not-for-profit corporation na lumilikha ng forum para sa pag-apply ng medium of opportunity, paghalo ng masining na pagpapahayag, personal na progreso, at aktibong pagkamamamayan tungo sa indibidwal na empowerment. Tinatanaw ng Southside Unlimited ang mga taong may problema sa pag-unlad bilang mga ganap na mamamayan ng komunidad na may kakayahan at oportunidad na mag-ambag sa lipunan, umunlad nang pinansyal, at makagawa ng mga desisyon na makakaapekto sa kanilang buhay. Naniniwala ang Southside Unlimited sa pilosopiya na "Tao Muna (People First)": Kung nakikita mo kami bilang kapantay, ngunit naiiba, at hindi kami isinasama sa mga desisyon na makakaapekto sa aming mga buhay, *makikita mo kami bilang iyong kliyenteng may kapansanan*. Naniniwala ang "People First" na kung hindi ka humadlang sa amin at may pagkakataon kaming makalikom ng kapangyarihan at lakas para sa AMING mga sariling buhay, magiging malakas at matagumpay kami.

SEKSYON 1: SINO ANG PINAGLILINGKURAN NG DDS



Pintor: Tanuja Giri

Si Tanuja Giri ay isang pintor at printmaker na kumukuha ng inspirasyon mula sa araw-araw na buhay, musika, at mga pelikula. Bagama't wala pang isang taon siyang nag-aaral ng printmaking, nagpapakita siya ng matinding kakayahan at ginabayan ang iba sa proseso sa tulong nito. Nakakahanap siya ng kaligayahan sa mga kulay at isinasama ito sa lahat ng kanyang likha na may mga paksa na tulad ng mga bulaklak, hayop at tao

IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA KONSUMIDOR NG DDS

Ipinapakita ng impormasyon tungkol sa mga konsumidor ang Client Master File (CMF) na datos. Idinadagdag ng mga regional center ang mga konsumidor sa CMF sa oras ng unang pag-apply para sa mga serbisyo ng regional center. Ang CMF ang pangunahing pinagkukunan ng impormasyong demograpiko, impormasyon tungkol sa katayuan ng kaso, at impormasyon tungkol sa tagapag-ugnay ng serbisyo. Kabilang sa mga CMF status code ang:

- **Intake at Pagtatasa (Status Code 0):** Tinatasa kung karapat-dapat ang mga aplikante para sa mga serbisyo ng regional center.
- **Early Start Program (Status Code 1):** Mga bata mula kapanganakan hanggang 2 taong gulang na may pagkaantala o kapansanan sa pag-unlad, o may naitatag na kondisyon ng panganib na may mataas na probabilidad na magresulta sa isang pagkaantala o kapansanan. Ang mga batang may Status Code 1 ay kwalipikado para sa maagang pamamagitan at mga serbisyo na suportang pampamilya.
- **Aktibong Konsumidor (Status Code 2):** Ang mga taong may na-diagnose na kapansanan sa pag-unlad na pinaglilingkuran sa komunidad sa halip na sa isang sentro para sa pag-unlad (developmental center).
- **Pinatatakbo ng Estado (Status Code 8):** Mga taong na-diagnose na may kapansanan sa pag-unlad na pinaglilingkuran sa isang sentro para sa pag-unlad (developmental center).
- **Pag-iwas (Status Code P):** Mga batang mula kapanganakan hanggang 2 taong gulang na na-diagnose na may kapansanang genetic, medikal, o pag-unlad o nalagay sa isang kapaligiran na nakakapanghula ng mas malaking panganib para sa kapansanan sa pag-unlad kaysa sa pangkalahatang populasyon. Ang Programa sa Pag-iwas (Prevention Program) ay nagsimula noong Oktubre 1, 2009 at nagtapos noong Setyembre 30, 2012. Maliban kung isinaad na hindi, kasama ang mga bilang at porsyento ng katayuan sa pag-iwas (prevention status) sa impormasyon tungkol sa Early Start Program.


MGA KATEGORIYA NG POPULASYON NG KONSUMIDOR

Ang bilang ng mga konsumidor ng DDS na nasa Intake at Pagtatasa, Early Start Program, Aktibong Konsumidor, at Pinatatakbo ng Estado na mga kategorya ay tumaas nang 42.2% sa pagitan ng Enero 1, 2009 at Enero 1, 2019. Ayon sa mga pagtatantya ng Kagawaran ng Pananalapi, lumaki ang pangkalahatang populasyon ng California nang 7.4% sa pagitan ng Hulyo 2009 at Hulyo 2019. Nagkaloob ang DDS ng mga serbisyo sa tinatayang 0.87% ng populasyon ng California pagdating ng Hulyo 1, 2019.

Talahanayan 1: Bilang ng mga Konsumidor sa bawat Kategorya ng Populasyon sa Client Master File

Intake at Pagtatasa	8,563	3.5%	12,157	3.5%
Early Start Program*	32,750	13.4%	46,290	13.3%
Aktibong Konsumidor	200,233	82.1%	287,992	83.0%
Pinatatakbo ng Estado	2,436	1.0%	408	0.1%

Figure 1: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Kategorya ng Populasyon



* Kabilang sa mga bilang ng Early Start Program iyong may katayuan na Pag-iwas (Prevention status), na tumagal mula Oktubre 2009 hanggang Setyembre 2012.

MGA DEMOGRAPIKO NG KONSUMIDOR

Ang demograpikong impormasyon ng mga Konsumidor para sa mga konsumidor ng Early Start, Aktibo, at Developmental Center pagdating ng Enero 1, 2009, kung ikukumpara sa Enero 1, 2019 ay ipinapakita ayon sa uri ng tirahan, edad, etnisidad, kasarian, at pangunahing wika. Hindi kasama sa mga numero ang mga konsumidor na tinatasa sa pagiging karapat-dapat (Status Code 0).

Uri ng Tirahan ng Konsumidor

Kapansin-pansin ang mga pagbabago sa mga uri ng tirahan ng populasyon. Bagama't 74.4% ng mga konsumidor ay nakatira sa bahay ng magulang o tagapag-alaga noong Enero 2009, ganito ang uri ng tirahan ng 80% noong Enero 2019. Sa parehong panahong ito, nagpatuloy ang mga pagbaba sa proporsyon ng mga taong nakatira sa mga lugar ng pangangalagang pangkomunidad (community care settings) (11.6% to 9%) at mga sentro para sa pag-unlad (developmental centers)(1% to 0.1%).

Mga Kahulugan ng mga Uri ng Tirahan

Sariling Tirahan - Pamilya: Tirahan ng isang kapamilya, tagapag-alaga o conservator

Pangangalagang Pangkomunidad (Community Care): Mga lugar tulad ng Foster Homes for Children, mga tahanan ng Family Home Agency (FHA), at Community Care Facilities (CCF), kasama ang Adult Residential Facilities para sa mga Persons with Special Health Care Needs (ARFPSHN), Enhanced Behavior Supports Homes (EBSH) at Community Crisis Homes (CCH)

ILS/SLS: Independent Living Setting (ILS) o Supported Living Setting (SLS)

SNF/ICF: Skilled Nursing Facility (SNF) o Intermediate Care Facility (ICF). Kabilang sa ICF ang ICF/Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/Developmentally Disabled-Habilitation (ICF/DD-H), at ICF/Developmentally Disabled-Nursing (ICF/DD-N)

Pinapatakbo ng Estado: Sentro para sa Pag-unlad (Developmental Center) o pasilidad para sa komunidad na pinatatakbo ng DDS


Iba pa: Mga setting tulad ng mga Ospital, Pasilidad para sa Paggamot sa Komunidad, mga Sentro para sa Rehabilitasyon, Mga Sentro para sa Paggamot na Saykayatriko, Mga Institusyon para sa mga Sakit Pangkaisipan, Mga Institusyong Koreksyonal, at iba pang mga institusyon sa komunidad

Uri ng Tirahan ng Konsumidor

Talahanayan 2: Uri ng Tirahan ng mga Konsumidor

Uri ng Tirahan	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Sariling Bahay - Magulang	175,189	74.4%	267,648	80.0%
Pangangalaga sa Komunidad	27,331	11.6%	30,084	9.0%
ILS/SLS	20,313	8.6%	26,454	7.9%
SNF/ICF	8,741	3.7%	7,994	2.4%
Pinatatakbo ng Estado	2,436	1.0%	408	0.1%
Iba pa	1,409	0.6%	2,102	0.6%
Kabuuan	235,419	100.0%	334,690	100.0%

Figure 2: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan




Konsumidor ayon sa Edad

Ang average na edad ng populasyon ng DDS ay halos hindi nagbago nitong nakaraang 10 taon. Ang average na edad ng lahat ng konsumidor noong Enero 2009 ay 25.0 taong gulang kumpara noong Enero 2019, kung saan ang average ay 24.9 na taong gulang. Ang tanging grupo ng edad na nagkaroon ng pagbaba sa populasyon sa loob ng panahong ito ay ang mga 42 - 51 taong gulang, na nasa 21,786 noong Enero 2009 at 20,195 noong Enero 2019, na pagbaba nang 7.3%. Ang natitirang 10 grupo ng edad ay may average na pagtaas na 50.2%, kung saan ang mga 62+ taong gulang ang may pinakamalaking paglago na nasa 105.0%.

Talahanayan 3: Grupo ng Edad ng mga Konsumidor na Pinaglilingkuran ng DDS

0 - 2 Taong Gulang	32,518	13.8%	45,539	13.6%
3 - 5 Taong Gulang	18,968	8.1%	27,167	8.1%
6 - 9 na Taong Gulang	23,601	10.0%	34,290	10.2%
10 - 13 Taong Gulang	21,576	9.2%	30,926	9.2%
14 - 17 Taong Gulang	21,098	9.0%	29,105	8.7%
18 - 21 Taong Gulang	19,762	8.4%	28,073	8.4%
22 - 31 Taong Gulang	33,915	14.4%	56,103	16.8%
32 - 41 Taong Gulang	22,062	9.4%	31,275	9.3%
42 - 51 Taong Gulang	21,786	9.3%	20,195	6.0%
52 - 61 Taong Gulang	13,723	5.8%	18,875	5.6%
62+ Taong Gulang	6,410	2.7%	13,142	3.9%

Figure 3: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad




Etnisidad/Lahi

Ang mga Itim at Puti ay ang may pinakamaliit na paglago ng populasyon (30.1% at 13.5%, nang naaalinsunod) mula Enero 2009 hanggang Enero 2019. Ang mga Itim at Puti lang din ang Etnisidad/Lahi na bumaba sa proporsyon nito sa populasyon ng DDS (0.8% at 7.9% na pagbaba, nang naaalinsunod). Ang mga Hispaniko ang may pinakamalaking pagtaas sa porsyentong bahagi na 5.5%; tumaas ang populasyong Hispaniko nang 65.1% sa loob ng 10 taon na ito. Hindi nahuhuli ang mga Asyano at Iba pa na populasyon sa kanilang mga paglago ng populasyon na 63.1% at 70.5%.

Talahanayan 4: Etnisidad ng mga Konsumidor

Etnisidad/Lahi	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Puti	91,674	38.9%	104,039	31.1%
Hispaniko	79,840	33.9%	131,808	39.4%
Itim/Aprikanoang Amerikano	22,460	9.5%	29,225	8.7%
Asyano	14,146	6.0%	23,077	6.9%
Iba pa*	27,299	11.6%	46,541	13.9%
Kabuuan**	235,419	100.0%	334,690	100.0%

Figure 4: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Etnisidad



* Kasama ang mga taong hindi lang iisa ang etnisidad

** Kabilang sa nauugnay na talahanayan, Talahanayan 27, ang mga konsumidor na nagsasagawa ng proseso ng Intake at Pagtatasa (status code 0), habang hindi ito kasama sa Talahanayan 4.

Kasarian ng Konsumidor

Ang trend sa distribusyon ng kasarian ng mga konsumidor ng DDS ay nagpatuloy noong 2019 na dumadami ang mga lalaki kumpara sa mga babae. Noong Enero 2009, 62.0% ng mga tao na pinaglingkuran ay lalaki kumpara sa 38.0% na babae. Noong Enero 2019, lumawak ang diperensya nang maging 65.2% ang lalaki kumpara sa 34.8% na babae. Ang lumalaking hindi pagkakabalanse ng kasarian ay dahil, sa malaking bahagi, sa lumalaking populasyon na may Autismo, na kasalukuyang higit 80% ay lalaki.

Talahanayan 5: Kasarian ng mga Konsumidor

Kasarian	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Babae	89,553	38.0%	116,361	34.8%
Lalaki	145,866	62.0%	218,329	65.2%
Kabuuan	235,419	100.0%	334,690	100.0%

Pangunahing Wika ng Konsumidor

Patuloy na pinakalaganap na pangunahing wika ng mga konsumidor ng DDS ang Ingles. Ingles ang pangunahing wika para sa 75.9% ng mga konsumidor noong Enero 2009 at 75.5% noong Enero 2019.

Talahanayan 6: Pangunahing Wika (Ingles at Hindi Ingles) ng mga Konsumidor

Pangunahing Wika	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Ingles	178,715	75.9%	252,667	75.5%
Hindi Ingles	56,704	24.1%	82,023	24.5%
Kabuuan	235,419	100.0%	334,690	100.0%

**URI NG TIRAHAN NG KONSUMIDOR AYON SA GRUPO NG EDAD
ENERO 2009 AT ENERO 2019**

Mula noong Enero 1, 2009 hanggang Enero 1, 2019, sinundan ng DDS ang direksyon ng Lanterman Act upang itaguyod ang *“mga oportunidad para sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-unlad na isasama sa prinsipal na agos ng buhay sa mga komunidad ng kanilang tirahan, kabilang ang suportadong pamumuhay at iba pang naaangkop na kaayusan sa pamumuhay sa komunidad.”*². Tumaas ang pangkalahatang porsyento ng mga konsumidor sa parehong "Mula Kapanganakan hanggang 17 taong gulang" at "18 taong gulang Pataas" na mga grupo ng edad na nakatira sa bahay ng magulang, tagapag-alaga, o conservator (na ikinategorya na "Sariling Bahay - Pamilya" sa mga talahanayan sa ibaba), isang setting sa pangangalagang pangkomunidad, o suportadong pamumuhay o independiyenteng setting. Samantala, ang porsyento ng mga konsumidor na nakatira sa mga skilled nursing facility, intermediate care facility, at mga sentro para sa pag-unlad ay bumaba. Alinsunod ang mga pagbabagong ito sa mataas na prioridad na ibinibigay ng Lanterman Act sa pagbibigay ng mga oportunidad para sa mga batang may kapansanan sa pag-unlad upang makasama sa tirahan ang kanilang mga pamilya at para sa lahat ng edad ng tao na tumira sa mga kapaligirang katulad ng isang tahanan.

Talahanayan 7: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - Mula kapanganakan hanggang 17 taong gulang


Uri ng Tirahan	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Sariling Bahay - Pamilya	112,839	95.8%	161,568	96.7%
Pangangalaga sa Komunidad	4,117	3.5%	4,974	3.0%
ILS/SLS	0	0.0%	0	0.0%
SNF/ICF	381	0.3%	130	0.1%
Sentro para sa Pag-unlad	23	0.0%	0	0.0%
Iba pa	401	0.3%	355	0.2%
Kabuuan	117,761	100.0%	167,027	100.0%

Talahanayan 8: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - 18 Taong Gulang Pataas

Uri ng Tirahan	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Sariling Bahay - Pamilya	62,350	53.0%	106,080	63.3%
Pangangalaga sa Komunidad	23,214	19.7%	25,110	15.0%
ILS/SLS	20,313	17.3%	26,454	15.8%
SNF/ICF	8,360	7.1%	7,864	4.7%
Sentro para sa Pag-unlad	2,396	2.0%	395	0.2%
Iba pa	1,025	0.9%	1,760	1.0%
Kabuuan	117,658	100.0%	167,663	100.0%

² Welfare and Institutions Code, Division 4.5, Chapter 1, Section 4501.

Figure 5: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Uri ng Tirahan at Grupo ng Edad - Enero 2019



KASARIAN AT EDAD NG KONSUMIDOR SA ORAS NG PROSESO NG INTAKE AT PAGTATASA

Noong Enero 2019, 12,157 indibidwal ang nakatanggap ng mga serbisyo sa intake at pagtatasa (nakabatay ang intake sa paunang petsa ng pagpasok sa CMF). Sa mga indibidwal na ito, 27.3% ay natukoy na karapat-dapat na makatanggap ng Early Start Program na mga serbisyo, 32.6% ay karapat-dapat na makatanggap ng mga serbisyo bilang Aktibong mga Konsumidor, at ang natitirang mga indibidwal ay natukoy na hindi karapat-dapat para makatanggap ng mga serbisyo ng regional center.

Kasarian ng Konsumidor

Ang porsyento ng mga lalaki sa populasyon na kasama sa intake ay tumaas mula 68.6% noong Enero 2009 at naging 68.7% noong Enero 2019, samantalang ang porsyento ng mga babae ay bumaba mula 31.4% at naging 31.3%.

Talahanayan 9: Kasarian ng mga Konsumidor na Kasama sa Proseso ng Intake at Pagtatasa

Kasarian	Enero 2009			Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan		Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Babae	2,691	31.4%		3,800	31.3%
Lalaki	5,872	68.6%		8,357	68.7%
Kabuuan	8,563	100.0%		12,157	100.0%


Edad ng Konsumidor

Ang proporsyon ayon sa grupo ng edad ng populasyon na kasama sa intake ay hindi nagpabagu-bago sa paglipas ng panahon. Ang grupo ng edad na 10-21 taong gulang ay ang bahagi ng populasyong ito na may pinakamalaking pagtaas, na lumago mula 16.0% noong Enero 2009 at naging 17.2% noong Enero 2019.

Talahanayan 10: Grupo ng Edad ng mga Konsumidor na Kasama sa Proseso ng Intake at Pagtatasa

0 - 2 Taong Gulang	4,077	47.6%	5,739	47.2%
3 - 5 Taong Gulang	1,690	19.7%	2,306	19.0%
6 - 9 na Taong Gulang	898	10.5%	1,424	11.7%
10 - 21 Taong Gulang	1,368	16.0%	2,096	17.2%
22+ Taong Gulang	530	6.2%	592	4.9%

Figure 6: Bilang ng mga Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad at Oras ng Intake at



MGA KONSUMIDOR NA NAKATIRA SA PINATATAKBO NG ESTADO

Batay sa mga prinsipyo sa Lanterman Act³ at sa desisyon ng Korte Suprema tungkol sa *Olmstead*⁴, ang kabuuang populasyon sa sentro para sa pag-unlad ay bumaba mula sa taas na higit 13,300 residente noong 1968 at naging 395 residente noong Enero 2019. Nitong huling limang taon, ang kabuuang populasyon na pinaglingkuran sa mga pasilidad na pinatatakbo ng DDS ay bumaba nang 1,950 residente.

Ipinapakita ng Talahanayan 11 ang bilang ng mga konsumidor at porsyento ng mga konsumidor na nakatira sa bawat sentro para sa pag-unlad at pasilidad pangkomunidad (Canyon Springs at Sierra Vista) tulad ng nakalarawan sa buwanang mga update ng CMF.

Talahanayan 11: Bilang ng mga Konsumidor na Nakatira sa Bawat Pinatatakbo ng Estado na

Sentro para sa Pag-unlad	Pagsasara Petsa	Enero 2014		Enero 2019	
		Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Canyon Springs	Hindi Naaangkop ⁵	48	2.0%	**	**
Fairview	Taglamig 2020	515	22.0%	92	23.3%
Lanterman	Disyembre 2014	445	19.0%	0	0.0%
Porterville ⁶	Taglagas 2020	616	26.3%	250	63.3%
Sierra Vista	Disyembre 2009	42	1.8%	0	0.0%
Sonoma	Disyembre 2018	679	29.0%	*	*
Kabuuan		2,345	98.0%	395	88.4%

³ Itinataguyod ng Lanterman Act ang pagbibigay ng mga serbisyo sa isang kapaligirang pinakahindi naghihigpit at nagbibigay-diin sa mga setting pangkomunidad bilang mas ninanais na opsyon ng tirahan para sa karamihan ng mga konsumidor.

⁴ Noong 1999, naglabas ang Korte Suprema ng Estados Unidos ng desisyon sa kaso ng *Olmstead* na nangailangan ng mas bawas na pagsasalay sa mga serbisyong pang-institusyon.

⁵ Hindi naka-iskedyul na magsara ang Canyon Springs.

⁶ Ang petsa ng pagsasara ay para lang sa Lugar ng Pangkalahatang Paggamot.

* Nalilimitahan ang cell para sa maliliit na bilang.

** Nalilimitahan ang cell para sa complementary cell.

MGA KAHULUGAN NG MGA KATEGORYA NG KAPANSANAN SA PAG-UNLAD

Nangongolekta ang DDS ng datos sa mga katangian ng mga konsumidor na pinaglilingkuran nito. Ipinapakita sa mga sumusunod na talahanayan at bilang ang impormasyon sa limang pangunahing kategorya ng kapansanan sa pag-unlad (Kapansanang Intelektwal, Autismo, Epilepsya, Cerebral Palsy, o 5th Category) ng mga konsumidor na pinaglilingkuran ng DDS mula Enero 1, 2009 hanggang Enero 1, 2019. Tanging mga tao lang na may Client Development Evaluation Report (CDER) na nasa file ang kasama. Naglalaman ang CDER na file ng datos sa pag-diagnose at pagtatasa kasama ang impormasyon sa pag-unlad, kognitibo, pag-uugali, at medikal na naitala nang binigyan ng pagtatasa sa pag-unlad ng konsumidor ang isang tao. Kasama sa CDER na file ang lahat ng indibidwal na edad 3 pataas na na-diagnose na may kapansanan sa pag-unlad. Para sa mga batang wala pang 3 taong gulang, gagamitan sila ng iba ngunit mas angkop sa edad na tool sa pagtatasa na tinatawag na Early Start Report sa halip na CDER.

Mga Kahulugan

Kapansanang Intelektwal (Intellectual Disability, ID) ay inilalarawan bilang malaking limitasyon sa pagganang intelektwal (hal., isang IQ na tinatayang 70 o mas mababa) at sa pag-angkop na pag-uugali tulad ng ipinahihiwatig sa mga kakayahang konseptwal, panlipunan, at praktikal na pag-angkop. Ang mga antas ng Kapansanang Intelektwal (Intellectual Disability, ID) ay iniuulat dito bilang banayad, katamtaman, malubha, napakalalim, walang ID (hal., walang Kapansanang Intelektwal), o hindi tinukoy.

Ang **Autismo** ay isang neurodevelopmental na sakit na may maraming pinagmulan na binigyang kahulugan bilang isang syndrome na nagdudulot ng matindi at patuloy na kapansanan sa interaksyon at komunikasyon sa kapwa na may mga pattern ng pag-uugali, interes, at aktibidad na limitado at na-stereotype, na lumilitaw bago umabot sa edad na tatlong taon. Ang kahulugan ng Autismo sa CDER ay nagbago kasabay ng mga pagrerebisang ginawa noong Nobyembre 2008 at Nobyembre 2014. Noong nakaraang CDER, kasama sa Autismo ang mga konsumidor na may Autism-Full Syndrome, Autism-Residual State, Autism Suspected o Hindi Na-diagnose. Sa 2008 na nirebisang CDER, kasama sa Autismo ang mga konsumidor na may Autistic Disorder, Asperger Disorder, o Pervasive Developmental Disorder. Sa 2014 na nirebisang CDER, kasama sa Autismo ang mga konsumidor na may Autism Spectrum Disorder.

Ang **Epilepsya** ay tinukoy na umuulit at walang dahilan na mga seizure. Ang mga seizure ay maaaring magdulot ng kawalan ng kontrol sa kalamnan, mga panginginig, kawalan ng malay, at iba pang mga sintomas. Isang modipikasyon ng "Internasyonal na Klasipikasyon ng mga Epileptic Seizure" ang ginamit para ilarawan ang mga seizure.

Kabilang sa **Cerebral Palsy** ang dalawang uri ng motor dysfunction: (1) non-progressive lesion o karamdaman sa utak na nangyayari sa intrauterine life o sa perinatal period at ipinahihiwatig ng pagkaparalisa, spasticity, o abnormal na kontrol ng paggalaw o posture, na makikita bago umabot ng dalawa o tatlong taong gulang, at (2) iba pang malubhang motor dysfunction ay makikita bago umabot sa 18 taong gulang.

Ang **5th Category** ay anumang kapansanan sa pag-unlad maliban sa Kapansanang Intelektwal, Autismo, Epilepsya, o Cerebral Palsy na katulad ng o malapit na nauugnay sa

Kapansanang Intelektwal, o na nangangailangan ng paggamot na katulad ng kinakailangan para sa mga indibidwal na may kapansanang intelektwal. Ang nirebisang CDER form ay nangangailangan na ngayon ng maliwanag na pagpapahiwatig ng diagnosis para sa 5th Category, sa gayon ay ginagawang mas tumpak, kapaki-pakinabang, at malamang na ganap na iuulat ang datos.

MGA TREND SA KATEGORYA NG KAPANSANAN SA PAG-UNLAD NG MGA KONSUMIDOR *

Ang komposisyon ng populasyon ayon sa uri ng kapansanan sa pag-unlad ay nagpapakita ng malaking mga pagbabago mula Enero 1, 2009 hanggang Enero 1, 2019.

- Ang porsyento ng mga taong walang "Kapansanang Intelektwal" na nakatala sa kanilang CDER na file ay tumaas mula 27.0% at naging 40.8%.
- Ang porsyento ng mga taong naiulat na mayroong "Katamtaman", "Malubha" o "Malalim" na Kapansanang Intelektwal ay bumaba mula 29.0% at naging 20.2%.
- Ang porsyento ng mga taong may Autismo ay tumaas mula 22.1% at naging 38.8%.
- Ang porsyento ng mga taong may Epilepsya ay bumaba sa panahong ito mula 18.9% at naging 13.7%.
- Ang porsyento ng mga taong may Cerebral Palsy ay bumaba rin, mula 17.3% at naging 12.6%.
- Ang porsyento ng mga taong may diagnosis na 5th Category ay bumaba mula 12.1% at naging 10.3%.



Pintor: Maria Bustillos


Kilala si Maria Bustillos para sa kanyang malalaking collage at pinta na binigyang inspirasyon ng mga sinauna at klasikal na sining at arkitektura, relihiyosong ikonograpiya, at makasaysayang larawan ng mga hari at reyna. Naaakit siya ng mga paksa na nagpapakita ng pattern, symmetry, at balance, at na kumakatawan sa mga mithiing Klasikal na proporsyon at kagandahan. Ang mga likhang sining ni Maria ay kadalasang tungkol sa mga tema ng pagka-diyos at pagkadakila, o kahit pa ang tila hindi totoo. Ang hilig ni Maria sa mga paksang pang-arkitektura ay isang pagpapahayag ng kanyang pagsamba sa mga elegante, pagkakatugma, at ornamentasyon.

*Ang mga trend na ito sa kategorya ay hindi kasama ang mga konsumidor sa Early Start Program.

Talahanayan 12: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal

Antas ng Kapansanang Intelektwal	Enero 2009		Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan
Walang ID	53,939	27.0%	116,641	40.8%
Hindi Malubha	74,254	37.1%	89,952	31.5%
Katamtaman	32,621	16.3%	35,208	12.3%
Malubha	14,857	7.4%	14,352	5.0%
Malalim	10,598	5.3%	8,307	2.9%
Hindi tinukoy	13,676	6.8%	21,513	7.5%
Kabuuan	199,945	100.0%	285,973	100.0%


Figure 7: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal (Intellectual Disability, ID)



Talahanayan 13: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo

Oo	44,208	22.1%		110,988	38.8%
Hindi	155,737	77.9%		174,985	61.2%


Figure 8: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo



Talahanayan 14: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya

Oo	37,801	18.9%		39,107	13.7%
Hindi	162,144	81.1%		246,866	86.3%


Figure 9: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya



Talahanayan 15: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy

Oo	34,611	17.3%		36,079	12.6%
Hindi	165,334	82.7%		249,894	87.4%


Figure 10: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy



Talahanayan 16: Bilang ng mga Konsumidor na may 5th Category

Oo	24,199	12.1%		29,391	10.3%
Hindi	175,746	87.9%		256,582	89.7%

Figure 11: Bilang ng mga Konsumidor na may 5th Category



MGA KOMBINASYON NG MGA KAPANSANAN SA PAG-UNLAD

Karaniwan para sa isang konsumidor na magkaroon ng kumbinasyon ng dalawa o higit pang kapansanan sa pag-unlad (hal., Intelektwal na Kapansanan, Autismo, Epilepsya, Cerebral Palsy, o 5th Category) na nakatala sa kanilang CDER.

Ang karamihan sa mga konsumidor na may Kapansanang Intelektwal (58.2%) ay mayroon lang ng Kapansanang Intelektwal na nakatala sa kanilang CDER noong Enero 2019. Gayunpaman, ang porsyento ng mga konsumidor na may Kapansanang Intelektwal na mayroon ding Autismo ay tumaas mula 10.0% at naging 14.6% sa pagitan ng Enero 2009 at Enero 2019.

Ang mas malaki pang porsyento ng mga konsumidor na may Autismo (72.7%) ay mayroon lang Autismo na nakatala sa kanilang CDER noong Enero 2019. Ang porsyento ng mga konsumidor na may Autismo na mayroon ding Kapansanang Intelektwal ay bumaba mula 32.9% at naging 22.3% sa pagitan ng Enero 2009 at Enero 2019. Isang maliit na porsyento ng mga konsumidor ay mayroon lang Epilepsya (7.2%) o Cerebral Palsy (16.5%) noong Enero 2019. Ang karamihan sa mga konsumidor na may Epilepsya (79.1%) o Cerebral Palsy (71.9%) ay mayroon ding Kapansanang Intelektwal. Ang mga konsumidor na may 5th Category na diagnosis ay mayroon lang 5th Category na nakatala sa kanilang CDER nang 54.5% ng mga kaso noong Enero 2019.



Pintor: Suzie Saldana


Si Suzie Saldana ay isang mixed media na pintor na pinaghahalo ang collage at pagpinta. Isang makabuluhang katangian ng kanyang likha ay na mapangahas ito at pwede ring textural, linear, at makulay. Kabilang sa mga makikilalang tema sa mga likha ni Suzie ay ang buhay sa karagatan, mga hayop, at mga relihiyosong pigura at ikonograpiya. Ito ay visual na dokumentasyon ng kanyang pananampalataya, karanasan sa buhay, at ang kanyang hilig sa sining. Dinala si Suzie ng kanyang pananampalataya sa hilig sa stained glass windows. Nabibigyang inspirasyon siya ng paghihiwalay ng kulay sa pamamagitan ng mga linya. Masaya siya kapag nakatuon siya sa pagtatapos ng kanyang mga obra. Nararanasan ni Suzie ang mundo sa pamamagitan ng emosyon at sinasabing, "Ang pagiging malikhain ay laging nagmumula sa aking puso at sa isipan din...ito ay mga saloobin na dapat ilabas at ibahagi." Bukod-tangi ang istilo ni Suzie. Tapat ito at intensyonal. Sa panahon na siya'y lumilikha, sinasabi niyang, "Malapit ako sa aking pananampalataya kapag ako'y lumilikha. Hindi ako malungkot. Masaya ako." Ang imahe na ipinepresenta niya ay nagiging daan para sa pagpapahiwatig ng sarili. Naniniwala siyang maganda ang mundo at na dapat ibahagi ang paglalarawan nito.

Talahanayan 17: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad

ID Lang	83,196	57.0%	98,509	58.2%
Autismo	14,553	10.0%	24,756	14.6%
Epilepsya	31,287	21.4%	30,927	18.3%
Cerebral Palsy	26,041	17.8%	25,956	15.3%
5 th Category	9,076	6.2%	6,212	3.7%

*Ang kabuuan ng mga porsyento ay umaabot sa higit na 100% dahil ang mga konsumidor ay may 2 o higit pang kapansanan.

Figure 12: Bilang ng mga Konsumidor na may Kapansanang Intelektwal at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad




Talahanayan 18: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad

Autismo Lang	27,110	61.3%	80,673	72.7%
ID	14,553	32.9%	24,756	22.3%
Epilepsya	2,632	6.0%	4,120	3.7%
Cerebral Palsy	724	1.6%	1,170	1.1%
5 th Category	2,401	5.4%	4,268	3.8%

*Ang kabuuan ng mga porsyento ay umaabot sa higit na 100% dahil ang mga konsumidor ay may 2 o higit pang kapansanan.

Figure 13: Bilang ng mga Konsumidor na may Autismo at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad




Talahanayan 19: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad

Epilepsya Lang	2,618	6.9%	2,815	7.2%
ID	31,287	82.8%	30,927	79.1%
Autismo	2,632	7.0%	4,120	10.5%
Cerebral Palsy	15,017	39.7%	14,613	37.4%
5 th Category	3,369	8.9%	3,093	7.9%

*Ang kabuuan ng mga porsyento ay umaabot sa higit na 100% dahil ang mga konsumidor ay may 2 o higit pang kapansanan.

Figure 14: Bilang ng mga Konsumidor na may Epilepsya at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad




Talahanayan 20: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad

Cerebral Palsy Lang	5,332	15.4%	5,957	16.5%
ID	26,041	75.2%	25,956	71.9%
Autismo	724	2.1%	1,170	3.2%
Epilepsya	15,017	43.4%	14,613	40.5%
5 th Category	2,702	7.8%	2,704	7.5%

*Ang kabuuan ng mga porsyento ay umaabot sa higit na 100% dahil ang mga konsumidor ay may 2 o higit pang kapansanan.

Figure 15: Bilang ng mga Konsumidor na may Cerebral Palsy at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad




Talahanayan 21: Bilang ng mga Konsumidor na may 5th Category na Diagnosis at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad

	Enero 2009			Enero 2019	
	Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan*		Bilang ng mga Konsumidor	Porsyento ng Kabuuan*
Kabuuang Bilang ng mga Konsumidor na may 5th Category	24,199			29,391	
5 th Category Lang	10,845	44.8%		16,025	54.5%
ID	9,076	37.5%		6,212	21.1%
Autismo	2,401	9.9%		4,268	14.5%
Epilepsya	3,369	13.9%		3,093	10.5%
Cerebral Palsy	2,702	11.2%		2,704	9.2%

*Ang kabuuan ng mga porsyento ay umaabot sa higit na 100% dahil ang mga konsumidor ay may 2 o higit pang kapansanan.

Figure 16: Bilang ng mga Konsumidor na may 5th Category na Diagnosis at Isa Pang Kapansanan sa Pag-unlad



SEKSYON 2: ANO ANG NATATANGGAP NG MGA KONSUMIDOR



Brush Strokes – Lindsay Platz

Ang artist na si Lindsay Platz ay nagguguhit, nagpipinta, naggagawa ng ceramic at mosaic na sining mula ng siya ay 18 taong gulang. May matindi siyang pagnanais na tuklasin ang maraming uri ng sining at labis na maeksperimento siya sa kanyang pamamaraan. Para kay Lindsay, mahalaga na ipahiwatig ang texture sa anumang media.

**PORSYENTO NG MGA KONSUMIDOR AYON SA GRUPO NG EDAD NA NAKAKATANGGAP NG MGA SERBISYO NA PINOPONDOHAN NG REGIONAL CENTER
SA LAHAT NG KONSUMIDOR NA PINAGLILINGKURAN NG DDS SA KOMUNIDAD
FY 2008-09 HANGGANG FY 2018-19**

Ang lahat ng konsumidor na pinaglilingkuran ng DDS ay nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamahala ng kaso sa pamamagitan ng kanilang lokal na regional center, di alintana kung binayaranang mga serbisyo ang tinanggap nila. Legal na inaatas sa mga regional center ang magbigay o kumuha ng mga serbisyo sa pinakasulit na paraang maaari, kabilang ang pag-refer sa iba pang mga ahensya, bago gumamit ng anumang pondo ng regional center. Kung hindi maaari ang mga alternatibong pinagkukunan, nagbabayad ang regional center ng mga serbisyo ayon sa tinukoy sa Individual Program Plan (IPP) o Individualized Family Service Plan (IFSP) ng konsumidor.

Ang bilang ng mga konsumidor ng lahat ng edad na nakatanggap ng mga serbisyong pinopondohan ng regional center bilang porsyento ng lahat ng konsumidor ng DDS na pinaglilingkuran sa komunidad (mga konsumidor ng Early Start, Aktibo, at Programa sa Pag-iwas) ay medyo nagpabagu-bago mula FY 2008-09 hanggang FY 2018-19, bumaba mula 81.1% ng mga konsumidor na pinaglilingkuran sa komunidad at naging 78.9%. Ang porsyento ng mga konsumidor ng lahat ng edad na nakakatanggap ng mga serbisyo na pinopondohan ng regional center ay bumaba nang 0.6 percentage points sa pagitan ng FY 2017-18 at FY 2018-19.

Ang pagbayad ng mga serbisyo ay mula sa pinakakamakailang buwanang datos. Nitong huling tatlong taon ng pananalapi (fiscal year), ang mga bilang para sa parehong taon ng pananalapi ay magbabago nang kaunti mula sa taunang Fact Book report hanggang sa susunod, habang isinasapinal ang mga datos.

Talahanayan 22: Porsyento ng mga Konsumidor (Mga Konsumidor ng Early Start, Aktibo, at Programa sa Pag-iwas) na Nakakatanggap ng mga Serbisyo na Pinopondohan ng Regional Center, ayon sa Grupo ng Edad para sa FY 2008-09 hanggang FY 2018-19

Taon ng Pananalapi	0-2 Taon	3-21 Taon	22-61 Taon	62 Taon Pataas	Lahat ng Edad (Kabuuang)
08/09	90.3%	71.5%	88.6%	89.4%	81.1%
09/10	88.4%	68.9%	88.1%	90.1%	79.4%
10/11	85.4%	67.2%	87.7%	90.0%	78.2%
11/12	90.8%	66.4%	87.0%	90.5%	78.2%
12/13	92.9%	64.9%	86.3%	90.5%	77.6%
13/14	93.6%	65.6%	86.1%	91.3%	78.0%
14/15	94.3%	66.2%	85.9%	91.8%	78.3%
15/16	94.6%	66.5%	86.2%	91.5%	78.7%
16/17	95.0%	65.1%	85.8%	91.6%	78.1%
17/18	95.3%	65.4%	85.9%	92.0%	78.3%
18/19	95.8%	66.6%	86.0%	92.4%	78.9%

*Ang mga konsumidor sa pag-iwas ay kasama sa FY 2009-10 hanggang FY 2012-13 lang hanggang sa mawala na ang pag-iwas.

**PAGLAGO NG PAGBAYAD SA MGA SERBISYO KUMPARA SA DDS CASELOAD - FY 2008-09
HANGGANG FY 2018-19**

Ang caseload ng komunidad (Mga konsumidor ng Early Start, Aktibo, at Programa sa Pag-iwas na nasa Client Master File pagdating ng katapusan ng bawat FY) ay lumago nang 105,920 konsumidor mula FY 2008-09 hanggang FY 2018-19, o 44.6%. Bilang pagkukumpara, ang pinagsama-samang paglago para sa Pagbayad ng Serbisyo (Purchase of Service, POS) na mga gastusin ay tumaas nang \$2,513.4 milyon, o 73.7%, sa panahong ito. Ang kabuuang gastusing POS ay nagpantay mula FY 2008-09 hanggang FY 2010-11, na sumasalamain sa mga pagbabawas sa budget ng estado.


Talahanayan 23: Bilang ng Caseload ng DDS at Halaga ng Gastusing POS (sa Milyon) para sa FY 2008-09 hanggang FY 2018-19

08/09	237,389	----	\$3,411.5	----
09/10	240,568	1.3%	\$3,390.1	-0.6%
10/11	247,310	2.8%	\$3,424.2	1.0%
11/12	253,235	2.4%	\$3,510.7	2.5%
12/13	262,149	3.5%	\$3,689.4	5.1%
13/14	271,724	3.7%	\$3,906.1	5.9%
14/15	284,169	4.6%	\$4,212.7	7.9%
15/16	297,333	4.6%	\$4,506.1	7.0%
16/17	311,679	4.8%	\$5,158.4	14.5%
17/18	326,162	4.7%	\$5,447.5	5.6%
18/19	343,309	5.3%	\$5,924.9	8.8%

*Kasama ang mga konsumidor sa pag-iwas sa FY 2009-10 hanggang FY 2012-13 lang.

**Kasama ang POS na nakakontrata.

Figure 17: DDS Caseload Number at Halaga ng Gastusing POS (sa Milyon) para sa FY2008-09 hanggang FY2018-19



**MGA GASTUSIN AT BILANG AYON SA KATEGORIA NG SERBISYO
FY 2014-15 HANGGANG FY 2018-19**

Ang mga Talahanayang 24, 25, at 26 ay nagbibigay ng isang komprehensibo at detalyadong pananaw ng mga serbisyo na pinopondohan ng regional center ayon sa kategorya ng serbisyo batay sa impormasyon na nakolekta nitong nakaraang limang taon.

MGA GASTUSIN SA PAGBABAYAD SA MGA SERBISYO (PURCHASE OF SERVICES EXPENDITURES)

Ipinapakita sa Talahanayan 24 ang mga gastusing purchase of services (POS) ayon sa kategoryan ng serbisyo mula FY 2014-15 hanggang FY 2018-19, kasama ang mga pagbabago sa POS mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Sa pangkalahatan, ang mga gastusing POS ay tumaas nang \$480.9 na milyon (8.8%) mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19. Ang lahat maliban sa tatlong kategorya ng serbisyo ay nagpapakita ng pagtaas sa mga gastusing POS mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Ang mga kategorya ng serbisyo na may pinakamalaking pagtaas sa gastusing POS mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19 ay *Mga Serbisyong Pantirahan*, na tumaas nang \$177.8 milyon (12.6%), at *Respite*, na tumaas nang \$104.6 milyon (25.6%).

Ang kategoryang Behavioral Service na gastusing POS ay bumaba mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19, nang \$23.4 na milyon. Ang pagbaba ay halos maiuugnay sa pagbabago sa responsibilidad para sa ilang benepisyaryo ng Medi-Cal mula DDS papuntang Department of Health Care Services (DHCS). Simula Pebrero 1, 2016, ang reponsibilidad para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang na may Autism Spectrum Disorder na nakakatanggap ng mga serbisyo sa Behavioral Health Treatment (BHT) na pinopondohan ng regional center ay nagsimulang lumipat sa pinamamahalaang pangangalaga ng DHCS Medi-Cal at mga Fee-for-Service (FFS) delivery system.

**Talahanayan 24: Mga Gastusing POS* (sa Milyon) ayon sa Kategoriya ng Serbisyo
para sa FY 2014-15 hanggang FY 2018-19**

Kategoriya ng Serbisyo	FY 14-15	FY 15-16	FY 16-17	FY 17-18	FY 18-19	Pagbabago mula FY 17-18 hanggang FY 18-19
Mga Serbisyong Pantirahan	\$1,035.2	\$1,104.3	\$1,323.0	\$1,415.9	\$1,593.7	\$177.8
Day Program para sa nasa Hustong Gulang	\$922.7	\$984.9	\$1,118.3	\$1,166.0	\$1,211.9	\$45.9
• Sentro para sa Pag-unlad para sa nasa Hustong Gulang	\$356.9	\$373.6	\$402.8	\$402.2	\$398.5	-\$3.7
• Programa sa Pangangasiwa sa Pag-uugali	\$217.4	\$227.8	\$248.3	\$249.9	\$251.3	\$1.4
• Iba Pang mga Programang Katulad	\$206.4	\$230.7	\$287.6	\$323.7	\$359.4	\$35.8
• Programa sa Pamumuhay nang Mag-isa	\$85.1	\$92.6	\$113.2	\$123.9	\$135.6	\$11.7
• Sentro ng Aktibidad	\$51.4	\$53.2	\$57.8	\$57.2	\$57.6	\$0.3
• Programa sa Panlipunang Libangan	\$5.5	\$6.8	\$8.6	\$9.1	\$9.5	\$0.4
Suportadong Pamumuhay at mga Nauugnay na mga Serbisyo	\$662.9	\$730.7	\$882.9	\$971.5	\$1,072.5	\$101.0
Behavioral Services**	\$311.2	\$285.8	\$202.1	\$196.9	\$173.5	-\$23.4
Transportasyon	\$267.0	\$285.0	\$329.4	\$342.2	\$358.0	\$15.8
Respite	\$259.3	\$290.8	\$362.2	\$408.0	\$512.7	\$104.6
Programa para sa Pag-unlad ng Sanggol	\$168.8	\$178.9	\$206.8	\$222.2	\$239.3	\$17.1
Medikal na Pangangalaga at mga Serbisyo	\$116.3	\$117.3	\$123.5	\$138.2	\$159.7	\$21.5
Programa ng Suportadong Pag-eempleyo	\$94.4	\$97.0	\$118.0	\$119.2	\$120.0	\$0.8
Pandagdag na Suporta sa Programa	\$82.4	\$90.8	\$106.8	\$115.6	\$129.1	\$13.5
Programa ng Aktibidad sa Trabaho	\$55.7	\$53.5	\$50.9	\$44.1	\$36.9	-\$7.2
Day Care	\$29.9	\$29.2	\$31.3	\$30.9	\$31.3	\$0.4
Mga Aktibidad sa Panlipunang Libangan	\$29.6	\$30.9	\$32.2	\$33.4	\$34.0	\$0.6
Mga Serbisyong Hindi Medikal na Paggamot	\$4.6	\$4.7	\$5.0	\$5.2	\$5.4	\$0.2
Medikal at Pang-angkop na mga Kagamitan/Supply	\$6.0	\$6.6	\$7.2	\$7.5	\$8.1	\$0.6
Mga Kampo	\$1.7	\$2.1	\$2.4	\$3.2	\$4.2	\$1.0
Pangkapaligiran at Sasakyan	\$4.0	\$5.7	\$7.4	\$9.3	\$10.4	\$1.1
Pagsasanay sa Paggalaw	\$0.4	\$0.4	\$0.4	\$0.4	\$0.3	\$0.0
Lahat ng Iba Pang Serbisyo	\$160.3	\$207.5	\$248.7	\$217.7	\$227.3	\$9.6
Kabuuan	\$4,212.7	\$4,506.1	\$5,158.3	\$5,447.4	\$5,928.3	\$480.9

*Ang POS ay ang buwanang datos hanggang Disyembre kasunod ng bawat pagtatapos ng FY. Sa nakaraang tatlong taon ng pananalapi, ang mga bilang para sa parehong taon ng pananalapi ay medyo mag-iiba mula sa isang taunang Libro ng Impormasyon (Fact Book) hanggang sa susunod, habang isinasapinal ang datos.

**Ang pagbaba ay halos dahil sa paglipat ng awtorisasyon at pagbabayad ng mga serbisyo sa Behavioral Health Treatment mula sa pagpopondo ng regional center papuntang pagpopondo ng Medi-Cal. Tingnan ang nakaraang pahina.

BILANG NG MGA KONSUMIDOR NA NAKAKATANGGAP NG POS

Ipinapakita ng Talahanayan 25 ang bilang ng mga konsumidor na nakakatanggap ng mga serbisyo ayon sa kategorya ng serbisyo mula FY 2014-15 hanggang FY 2018-19, kasama ang mga pagbabago sa bilang ng mga konsumidor mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Sa pangkalahatan, ang bilang ng mga konsumidor na nakakatanggap ng POS ay tumaas nang 18,210 (6.0%) mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19. Ang karamihan sa mga kategorya ng serbisyo (20 ng 25) ay nagpakita ng pagtaas sa bilang ng mga konsumidor na nakakatanggap ng serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Ang mga kategorya ng indibidwal na serbisyo na may pinakamalaking pagtaas sa bilang ng mga konsumidor na tumatanggap ng serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19 ay *ang Respite*, na tumaas nang 6,866 na konsumidor (8.5%), at ang *Medikal na Pangangalaga at mga Serbisyo* na kategorya, na tumaas nang 5,057 konsumidor (8.2%).

Ang kategorya ng serbisyo na may pinakamalaking pagbaba sa bilang ng mga konsumidor na tumatanggap ng serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19 ay ang *Programa ng Aktibidad sa Trabaho*, na bumaba nang 810 konsumidor (11.7%). Ang pagbaba ay maiiugnay halos sa pagbabago sa responsibilidad para sa ilang benepisyaryo ng Medi-Cal mula DDS papuntang Department of Health Care Services. Simula Pebrero 1, 2016, ang responsibilidad para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal na wala pang 21 taong gulang na may Autism Spectrum Disorder at nakakatanggap ng mga serbisyo sa BHT na pinopondohan ng regional center ay nagsimulang lumipat sa pinamamahalaang pangangalaga ng DHCS Medi-Cal at mga FFS delivery system.

**Talahanayan 25: Bilang ng mga Konsumidor na Nakakatanggap ng mga Serbisyo ayon sa
Kategorya ng Serbisyo para sa FY 2014-15 hanggang FY 2018-19**

Kategorya ng Serbisyo	FY 14-15	FY 15-16	FY 16-17	FY 17-18	FY 18-19	Pagbabag o mula FY 17-18 hanggang FY 18-19
Mga Serbisyong Pantirahan	30,659	30,660	30,836	31,259	30,893	-366
Day Program para sa nasa Hustong Gulang*	74,356	77,476	80,556	83,596	87,076	3,480
• Sentro para sa Pag-unlad para sa nasa Hustong Gulang	31,279	32,273	32,612	32,744	32,964	220
• Programa sa Pangangasiwa sa Pag-uugali	14,777	14,969	15,246	15,486	15,547	61
• Iba Pang mga Programang Katulad	14,028	15,055	17,204	18,974	21,595	2,621
• Programa sa Pamumuhay nang Mag-isa	13,886	15,326	16,675	18,279	19,944	1,665
• Sentro ng Aktibidad	6,582	6,757	6,766	6,735	6,815	80
• Programa sa Panlipunang Libangan	1,126	1,254	1,348	1,330	1,385	55
Suportadong Pamumuhay at mga Nauugnay na mga Serbisyo	41,403	45,621	49,094	51,200	55,357	4,157
Behavioral Services**	37,698	37,441	31,995	30,079	29,904	-175
Transportasyon	75,431	77,377	78,674	80,568	82,101	1,533
Respite	66,892	70,411	74,430	80,874	87,740	6,866
Programa para sa Pag-unlad ng Sanggol	40,768	45,237	49,895	53,979	58,578	4,599
Medikal na Pangangalaga at mga Serbisyo	54,779	57,409	58,464	61,458	66,515	5,057
Programa ng Suportadong Pag-eempleyo	10,221	10,375	10,848	11,289	11,760	471
Pandagdag na Suporta sa Programa	6,667	6,941	7,125	7,517	7,821	304
Programa ng Aktibidad sa Trabaho	9,605	9,130	7,824	6,932	6,122	-810
Day Care	5,229	4,863	4,856	4,802	4,872	70
Mga Aktibidad sa Panlipunang Libangan	5,038	5,158	5,262	5,508	5,616	108
Mga Serbisyong Hindi Medikal na Paggamot	1,988	1,717	1,614	1,655	1,625	-30
Medikal at Pang-angkop na mga Kagamitan/Supply	4,144	4,192	4,407	4,841	5,172	331
Mga Kampo	1,367	1,492	1,681	1,779	1,943	164
Pangkapaligiran at Sasakyan	501	577	684	769	742	-27
Pagsasanay sa Paggalaw	235	245	236	247	239	-8
Lahat ng Iba Pang Serbisyo	97,089	104,404	112,587	120,423	128,616	8,193
Kabuuan*	261,483	275,727	287,306	302,297	320,507	18,210

*Ang mga kabuuang bilang ay hindi nadoble ayon sa konsumidor upang maiwasan ang dobleng pagbilang ng mga konsumidor na nakakatanggap ng maraming uri ng serbisyo. Nakabatay ang mga bilang sa pinakamakailang datos sa pagbayad ng serbisyo. Nitong nakaraang tatlong taon ng pananalapi, ang mga bilang para sa parehong taon ng pananalapi ay maaaring medyo maiba mula sa taunang Libro ng Impormasyon (Fact Book) sa susunod, habang isinasapinal ang datos.

**Ang pagbaba ay halos dahil sa paglipat ng awtorisasyon at pagbabayad ng mga serbisyo sa Behavioral Health Treatment mula sa pagpopondo ng regional center papuntang pagpopondo ng Medi-Cal. Tingnan ang nakaraang pahina.

BILANG NG MGA VENDOR NA NAGKAKALOOB NG MGA SERBISYO

Ipinapakita ng Talahanayan 26 ang bilang ng mga vendor na nagkakaloob ng mga serbisyo ayon sa kategorya ng serbisyo mula FY 2014 -15 hanggang FY 2018-19, kasama ang mga pagbabago sa bilang ng mga vendor mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Sa pangkalahatan, ang bilang ng mga vendor na nagkakaloob ng mga serbisyo ay bumaba nang 48 (0.1%) mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19. Mas mababa lang sa kalahati ng mga kategorya ng serbisyo (10 sa 25) ang nagpakita ng pagbaba sa bilang ng mga vendor na nagkakaloob ng mga serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19.

Ang mga kategorya ng serbisyo na may pinakamalaking pagbaba sa bilang ng mga vendor na nagkakaloob ng mga serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19 ay ang *Suportadong Pamumuhay at Nauugnay na mga Serbisyo*, na bumaba nang 298 vendor (12.9%), at *Medikal at Pang-angkop na mga Kagamitan/Supply*, na bumaba nang 26 na vendor (2.1%).

Ang kategorya ng serbisyo na may pinakamalaking pagtaas sa bilang ng mga vendor na nagkakaloob ng mga serbisyo mula FY 2017-18 hanggang FY 2018-19 ay ang *Pandagdag na Suporta sa Programa*, na tumaas nang 165 vendor (8.8%).

Nagsimulang bumaba ang bilang ng mga vendor para sa mga serbisyo sa Transportasyon, Respite, at Day Care noong FY 2011/12 sa pagpapatupad ng bagong rekisito na gumamit ng Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Service, FMS) kasabay ng mga serbisyo na participant-directed at may voucher. Maraming mga konsumidor na pamilya na indibidwal na pinagkakalooban ng mga serbisyong ito kapag gumagamit ng mga voucher ay lumipat sa mga vendored agency para sa pag-uugnay ng mga serbisyo. Bilang resulta, ang mga konsumidor na pamilya ay hindi na ipinapakita sa mga bilang ng vendor.

**Talahanayan 26: Bilang ng mga Vendor na Nagkakaloob ng mga Serbisyo ayon sa
Kategorya ng Serbisyo para sa FY 2014-15 hanggang FY 2018-19**

Kategorya ng Serbisyo	FY 14-15	FY 15-16	FY 16-17	FY 17-18	FY 18-19	Pagbabago mula FY 17-18 hanggang FY 18-19
Mga Serbisyong Pantirahan	5,796	5,733	5,710	5,936	6,081	145
Day Program para sa nasa Hustong Gulang*	2,089	2,171	2,235	2,307	2,409	102
• Sentro para sa Pag-unlad para sa nasa Hustong Gulang	627	638	629	639	628	-11
• Programa sa Pangangasiwa sa Pag-uugali	339	344	350	350	352	2
• Iba Pang mga Programang Katulad	580	616	653	702	793	91
• Programa sa Pamumuhay nang Mag-isa	407	442	470	490	503	13
• Sentro ng Aktibidad	141	139	137	135	135	0
• Programa sa Panlipunang Libangan	20	20	19	17	18	1
Suportadong Pamumuhay at mga Nauugnay na mga Serbisyo	2,143	2,205	2,314	2,302	2,004	-298
Behavioral Services	994	1,021	1,003	1,004	1,045	41
Transportasyon**	4,663	4,632	4,562	4,618	4,701	83
Respite**	1,807	1,715	1,599	1,560	1,598	38
Programa para sa Pag-unlad ng Sanggol	438	463	479	497	496	-1
Medikal na Pangangalaga at mga Serbisyo	1,902	1,858	1,760	1,758	1,796	38
Programa ng Suportadong Pag-eempleyo	358	355	354	352	358	6
Pandagdag na Suporta sa Programa	1,654	1,703	1,710	1,879	2,044	165
Programa ng Aktibidad sa Trabaho	108	107	99	94	91	-3
Day Care**	1,038	541	503	493	485	-8
Mga Aktibidad sa Panlipunang Libangan	152	147	141	139	145	6
Mga Serbisyong Hindi Medikal na Paggamot	151	130	111	105	103	-2
Medikal at Pang-angkop na mga Kagamitan/Supply	1,245	1,193	1,189	1,212	1,186	-26
Mga Kampo	36	35	43	36	35	-1
Pangkapaligiran at Sasakyan	55	62	66	71	72	1
Pagsasanay sa Paggalaw	26	19	18	19	17	-2
Lahat ng Iba Pang Serbisyo	24,236	23,593	23,526	23,780	23,680	-100
Kabuuan*	42,140	41,026	40,804	41,329	41,281	-48

*Ang mga kabuuang bilang ay hindi nadoble ayon sa vendor upang maiwasan ang dobleng pagbilang ng mga vendor na nagkakaloob ng maraming serbisyo.

Nakabatay ang mga bilang sa pinakamakailang file ng pagbayad ng mga serbisyo. Nitong nakaraang tatlong taon ng pananalapi, ang mga bilang para sa parehong taon ng pananalapi ay maaaring medyo maiba mula sa taunang Libro ng Impormasyon (Fact Book) sa susunod, habang isinasapinal ang datos.


**Ang mga bilang ng vendor para sa mga serbisyong ito ay nagsimulang bumaba noong FY 2011/12. Tingnan ang nakaraang pahina.

POPULASYON AT HALAGA PER CAPITA AYON SA KAPANSANAN SA PAG-UNLAD AT GRUPO NG EDAD

Pagdating ng Hulyo 2019, ang karamihan ng mga konsumidor na may Kapansanang Intelektwal (65.4%), Epilepsya (73.3%), Cerebral Palsy (67.0%), o 5th Category (52.5%) ay nasa edad 22 pataas, samantalang ang karamihan ng mga konsumidor na may Autismo (79.4%) ay nasa edad na 3-21.

Pagkalipas ng 21 taong gulang, ang average na gastos per capita ng mga konsumidor sa bawat kategorya ng kapansanan sa pag-unlad ay tumaas nang husto kapag hindi na available ang mga serbisyong pinopondohan ng Kagawaran ng Edukasyon at kinakailangan ang mga serbisyong out-of-home placement at day service. Pinakamataas ang mga gastusin per capita para sa mga indibidwal na na-diagnose na may Autismo. Para sa mga konsumidor na 32 taong gulang pataas, ang mga gastusin per capita para sa Autismo ay mas mataas kaysa sa apat na iba pang mga kategorya ng kapansanan sa pag-unlad (Kapansanang Intelektwal, Epilepsya, Cerebral Palsy, at 5th Category).

Ang mga gastusin para sa mga konsumidor ay karaniwang tumataas pagkalipas ng 21 taong gulang kapag hindi na available ang mga serbisyo na pinopondohan ng Kagawaran ng Edukasyon, at kinakailangan na ang out-of-home-placement at day services. Habang tumatanda sa sapat na gulang ang lumalaking populasyon ng mga batang konsumidor na may Autismo, ang tinatayang epekto sa tumataas na mga gastusin ay hindi pa alam, ngunit maaaring makabuluhan.



Stormy – Chris France

Ang pintor na si Chris France ay aktibo sa larangan ng pagpipinta nitong nakaraang 30 taon. Kapag tinanong tungkol sa kung ano ang naggaganyak sa kanya para magpinta, sinasabi ni Chris hindi talaga ang ideya ng pagbebenta kundi ang pagpapakita sa komunidad na hindi nangangahulugang hindi na siya makakagawa ng mga bagay-bagay kapag may kapansanan. Naging instrumento para sa kanyang adbokasiya at personal na pagpapahayag ang sining para kay Chris.

Figure 18: Bilang ng mga Konsumidor (Aktibong Konsumidor at Pinapatakbo ng Estado) ayon sa Kapansanan sa Pag-unlad at Grupo ng Edad

pagdating ng Hulyo 2019





Figure 19: Average na Gastusin Per Capita (Aktibong Konsumidor at Pinapatakbo ng Estado) ayon sa Kapansanan sa Pag-unlad at Grupo ng Edad

pagdating ng Hulyo 2019




MGA DEMOGRAPIKONG TREND: DALOY NG EDAD NITONG NAKARAANG 20 TAON

Nitong nakaraang 20 taon, ang lumalaking Early Start program at pagtanggap ng mga batang nasa edad ng pag-aaral ay nagresulta sa malaking pangkalahatang paglago sa grupo ng edad na 3-30 taong gulang sa loob ng populasyong ito. Pakipansin ang malaking paglago sa mga konsumidor na nasa edad ng elementarya, pati na rin iyong mga teenager at mga batang nasa hustong gulang.

Ang populasyon na nasa higit 40 taong gulang ay nananatiling medyo hindi nagbabago. Bigyang-pansin ang pakanan na takbo ng populasyon dahil sa mas mahabang buhay, ngunit katamtamang paglago. Ang pattern ng pagbaba sa populasyon ng konsumidor dahil sa kamatayan ay nagaganap na sa pagkalipas ng 55 taong gulang, samantalang nagsimula ang pagbaba noong 1997 bago ang edad na 40.

Figure 20: Ang Bilang ng Konsumidor noong Hulyo 1 ng kada Ika-5 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon




ANG MGA DEMOGRAPIKONG TREND: DALOY NG AVERAGE NA GASTOS NITONG NAKARAANG 20 TAON

Ang tanging grupo ng edad noong FY 2018-19 na may mas mababang average na gastos kada konsumidor kumpara sa FY 2008-09, ay grupo ng edad na 3 hanggang 11. Noong FY 2018-19, ang grupo ng edad na 3-11 ay may average na gastos kada konsumidor na \$5,411, na mas mababa nang \$4,818 kaysa noong FY 2008-09. Tumaas ang average na gastos kada konsumidor para sa mga natitirang grupo ng edad. Ang pinakamababang pagbaba ay nasa grupo ng edad na 12-21 taong gulang na \$10,385 noong FY 2018-19 at \$10,680 noong FY 2008-09; diperensya na \$296 o 2.8%. Ang pinakamalaking pagtaas ay para sa 62 pataas na grupo ng edad, na 49,038 noong FY 2018-19 at \$27,051 noong FY 2008-09; diperensya na \$21,987 o 81.3%.

Lumawak ang saklaw mula sa grupo ng edad na may pinakamababang average na gastos kada konsumidor hanggang sa grupo ng edad na may pinakamataas na gastos kada konsumidor sa paglipas ng panahon. Ang FY 2008-09 ang may pinakamaliit na diperensya sa pagitan ng pinakamababa at pinakamataas na average na gastos nito kada konsumidor, na ang pinakamababa ay nasa \$10,229 at ang pinakatamaas ay nasa \$27,051, o diperensya na 164.4%. Ang mga pagkakaiba ng porsyento sa pagitan ng pinakamababa at pinakamataas na average na gastos kada konsumidor noong FY 1998-99 at FY 2018-19 ay 285.7% at 806.3%, ayon sa pagkakabanggit.

Figure 21: Average na Gastos kada Konsumidor pagdating ng Hulyo 1 kada ika-10 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon



Tandaan: Aktibong (Status 2) mga Konsumidor lang

Ang datos para sa talahanayan sa itaas ay makikita sa pahina 49.


MGA DEMOGRAPIKONG TREND: DALOY NG KABUUANG GASTOS NITONG NAKARAANG 20 TAON

Katulad ng mga datos sa average na gastos kada konsumidor sa itaas, ang tanging grupo ng edad na may mas mababang kabuuang gastos noong FY 2018-19 kung ikukumpara sa FY 2009-09 ay ang grupo ng edad na 3-11. Ang grupo ng edad na 3 hanggang 11 ay may kabuuang gastos na \$393,790,055 noong FY 2008-09 at \$301,605,325 noong FY 2018-19; dipirensya na \$92,184,730 o 23.4%.

Ang kabuuang gastos ay tumaas nang 220.8% mula FY 1998-99 hanggang FY 2008-09 habang tumaas naman ang populasyon ng konsumidor nang 67.3%. Katulad din nito, patuloy na tumaas ang populasyon ng konsumidor mula FY 2008-09 hanggang FY 2018-19 nang 48.3% habang tumaas naman ang kabuuang gastos nang 85.8%.

Ang pagtaas ng kabuuang gastos para sa mga konsumidor na nasa edad 18-22 ay marahil nagmumula sa mga konsumidor na lumilipat sa DDS mula sa mga serbisyo sa paaralan, pati na rin ang mga taong pumipili ng pabahay at iba pang mga serbisyo na ipinagkakaloob ng DDS.

Figure 22: Kabuuang Gastos ayon sa Grupo ng Edad pagdating ng Hulyo 1 kada ika-10 Taon Nitong Nakaraang 20 Taon



Tandaan: Aktibong (Status 2) mga Konsumidor lang

Ang datos para sa talahanayan sa itaas ay makikita sa pahina 49.

Talahanayan 27: Data ng Gastos kada Konsumidor ayon sa Grupo ng Edad at Taon ng Pananalapi (Fiscal Year) para sa FY 1998-99, FY 2008-09, at FY 2018-19

Mga Grupo ng Edad	FY 1998-99			FY 2008-09			FY 2018-19		
	Populasyon	Kabuuang mga Paghahabol	Average na Paghahabol	Populasyon	Kabuuang mga Paghahabol	Average na Paghahabol	Populasyon	Kabuuang mga Paghahabol	Average na Paghahabol
3-11	22,089	\$73,172,375	\$3,313	38,497	\$393,790,055	\$10,229	55,743	\$301,605,325	\$5,411
12-21	16,678	\$108,084,538	\$6,481	33,869	\$361,753,111	\$10,681	52,458	\$544,768,423	\$10,385
22-31	18,045	\$219,983,324	\$12,191	28,587	\$622,716,763	\$21,783	48,382	\$1,338,512,208	\$27,665
32-41	17,925	\$226,847,229	\$12,655	19,398	\$463,278,221	\$23,883	28,123	\$929,755,659	\$33,060
42-51	11,790	\$151,783,631	\$12,874	19,384	\$492,571,111	\$25,411	18,553	\$708,902,984	\$38,210
52-61	4,916	\$62,292,999	\$12,671	12,101	\$325,678,187	\$26,913	17,696	\$785,590,704	\$44,394
>62	2,556	\$32,653,670	\$12,775	5,414	\$146,452,209	\$27,051	12,308	\$603,555,595	\$49,038
Kabuuan	93,999	\$874,817,767	\$72,960	157,250	\$2,806,239,656	\$145,951	233,263	\$5,212,690,899	\$208,162

Tandaan: Sa isang naunang bersyon ng ulat na ito, ang kabuuang average na paghahabol para sa lahat ng taon ng pananalapi ay mali ang pagkakakalkula. Ito ay kinalkula noong nakaraan bilang kabuuan ng mga average na claim sa lahat ng grupo ng edad sa halip na paghati sa kabuuang paghahabol ayon sa populasyon para sa bawat taon ng pananalapi. Ang kabuuang average na paghahabol para sa bawat taon ng pananalapi sa itaas ay tama.

SEKSYON 3: MGA HIGHLIGHT NG MGA PERSONAL NA KINAHINATNAN NG MGA KONSUMIDOR

Noong 2009, idinagdag ng DDs ang aspetong mga Personal na Kinahinatnan sa CDER, ang instrumento sa pagtatasa ng Kagawaran na ginagamit din para mangolekta ng datos sa mga katangiang dayagnostiko at sukatin at suriin ang mga kakayahang umangkop at problemang pag-uugali. Ang mga tagapag-ugnay ng serbisyo sa mga regional center ay nagtatanong ng mga tanong pang-survey sa pinakamahusay na maaaring tagapagbigay ng impormasyon para sa bawat tanong bilang nauukol sa pagtatasa nila ng sitwasyon ng konsumidor sa oras na na-update ang CDER.

May ilang tampok sa bahagi ng mga kinahinatnan ng ulat pagdating ng Enero 1, 2020.

Edukasyon

56% ng mga nasa paaralan ay may mga integrated na silid-aralan

85% ng mga nasa paaralan ay may kontak sa

mga taong walang kapansanan sa pag-unlad

97% ng mga nasa paaralan ay may kontak sa mga taong nagsasalita ng parehas na pangunahing wika

Mga Serbisyo sa Trabaho at Day Service

98% ng mga nasa day program o trabaho ay nakakasalamuha ng mga taong nagsasalita ng pangunahing wika ng konsumidor

69% ng mga nagtatrabaho ay bayad para sa lampas sa 10 oras ng trabaho kada linggo

55% ng mga nagtatrabaho ay bayad ng minimum na sahod o higit pa

Kasiyahan at Kagalingang Panlipunan

88% ng mga konsumidor ay lumalabas sa komunidad kahit kada linggo man lang

77% ay may isa o higit pang personal na kaibigan

91% ng mga konsumidor ay naglipat nang isang beses lang o hindi talaga sa loob ng dalawang taon

99% ay may mga tao sa kanilang bahay na nagsasalita ng parehong wika

Medikal at Dental na Pangangalaga

97% ay nabigyan ng medikal na pangangalaga nitong nakaraang taon at natugunan ang kanilang mga pangangailangan

88% ay nabigyan ng dental na pangangalaga nitong nakaraang taon at natugunan ang kanilang mga pangangailangan

94% ng mga taong may medikal o dental na kondisyon ay nakatanggap ng kumpleto at naaangkop na pangangalaga

Sitwasyon ng Tirahan – hindi nakatira sa bahay ng pamilya

89% ay nasisiyahan sa pagtira sa kanilang pangkomunidad na tahanan

93% ay nasisiyahan sa mga kasama nila sa tirahan sa kanilang pangkomunidad na tahanan

87% ay nais na patuloy na tumira sa kanilang pangkomunidad na tahanan

Day Activity – para sa mga pumapasok sa paaralan, day program, o lugar ng trabaho

89% ay nasisiyahan sa kanilang day activity

91% ay nagugustuhan ang mga taong nasa kanilang aktibidad sa araw

91% ng mga konsumidor na nasa hustong gulang ay piniling patuloy na dumalo sa kanilang pang-araw na aktibidad

Emosyonal na Seguridad

94% ay nakakapagtukoy ng isang taong nakakausap nila kapag hindi sila masaya

88% ay nakakaramdam na ligtas sa lahat ng oras

81% ay masaya madalas

83% ay nakakaramdam ng pagiging

kumportable sa pagsabi sa mga tao kung ano ang gusto nila kadalasan

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-
unlad
Information Technology Division
1215 O St
Sacramento, CA 95814
TEL (916) 653-3329
E-mail: DataX@dds.ca.gov
Website: www.dds.ca.gov

